

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipapatupad ng Lungsod ang mga rekomendasyon kasunod ng independiyenteng external na third-party review sa rasismo kontra sa Black

BRAMPTON, ON (Mayo 5, 2022) – Nagpapatuloy ang Lungsod ng Brampton sa paggawa ng mga hakbang para makalikha ng ligtas, naa-access, laban sa rasismo at nagsasali sa lahat na kapaligiran kung saan ang staff at mga residente ay pwedeng makamit ang kanilang potensyal at umunlad.

Sa nakalipas na linggo, nag-host ang Lungsod ng isang Council Workshop at isang Employee Town Hall para pag-usapan ang mga resulta ng isang [independent review sa mga karanasan ng mga Black na empleyado sa Lungsod](#), kabilang ang ebalwasyon sa mga proseso, polisiya, at mga pamamaraan para tasahin ang pag-iral at saklaw na nga karanasan at gawain sa diskriminasyon.

Nire-retain ng Lungsod ang Williams HR Law para isagawa ang external na third-party review, sa trabaho na nagsisimula sa Fall 2020. Ang review ay nakatuon sa mga karanasan at obserbasyon ng mga empleyado ng Lungsod kaugnay ng direkta, hindi direkta, hindi halata, at systemic at mga manipestasyon ng rasismo kontra Black.

Batay sa impormasyon na nakuha mula sa mga interbyu sa kalahok at kaugnay na dokumentasyon, ang Williams HR Law ay nakagawa ng 26 na mahalagang natuklasan bilang bunga ng assessment nito sa mga karanasan ng empleyado at mga obserbasyon kaugnay ng rasismo kontra sa Black sa lugar ng trabaho, Ang mga natuklasan ay nairekord sa ilalim ng sumusunod na mga kategorya:

- Pagkakaiba-iba ng lahi
- Kapaligiran ng lugar ng trabaho at kultura
- Mga patakaran sa pag-hire at mga nakasanayang gawin
- Pagpapasulong sa karera
- Pagsasanay at patakaran sa EDI
- Umiiral na mga inisyatiba sa EDI
- Pangongolekta ng datos batay sa identidad

Ang mga sangay ng Equity Office and Human Resources ng Lungsod ng Brampton ay makikipagtulungan sa staff ng Lungsod at sa Internal na mga stakeholder na magkaisang ipaalam ang susunod na mga hakbang para tugunan ang pagkakapantay-pantay, pagkakaiba-iba, pagsasali sa lahat , at kontra-rasismo sa Lungsod, para umabante sa pagbubuo ng action plan.

Tungkol sa Equity Office

Ang Lungsod ng Brampton at pinapasulong ang Termino ng Prayoridad ng Konseho. Ang

Brampton ay isang Mosaic na may Equity Office para mapaglingkuran ang mga empleyado nito at ang mga citizen. Itinatag noong Disyembre 2020, ang Equity Office ay nagsisikap para matiyak ang patas at pantay na pagtrato sa lahat ng indibidwal at itaguyod ang nagkakasundong kapaligiran kapwa sa loob ng Lungsod at para sa mga residente nito.

Noong Hunyo 2020, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang isang mosyon para lumikha ng *Black African and Caribbean Social, Cultural Economic Empowerment at Anti-Black Racism Unit*. Mula noon, ipinasa ng Konseho ang mosyon para pagsamahin ang *Black African and Caribbean Social, Cultural Economic Empowerment at Anti-Black Racism Unit* sa Equity Office, na dinagdagan ang commitment ng Lungsod naisulong ang diversity, pagkakapantay-pantay, pagsasali sa lahat, at kontra rasismo.

Ang mas maraming impormasyon tungkol sa Equity Office ay makikita sa Brampton.ca.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Mosaic, at dedicated tayo sa pagpapatuloy na isali ang diversity, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat sa ating mga programa, serbisyo at inisyatiba ng Lungsod. Ang independiyenteng third-party review sa rasismo kontra sa Black ay nagpapakita na kahit na nakagawa tayo ng malalaking hakbang bilang isang korporasyon, kailangan pa rin nating magsikap para maghatid ng systemic at organisasyonal na transpormasyon. Magkasama, patuloy nating magigiba ang mga balakid para matiyak ang patas at pantay na pagtrato sa lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bilang unang Black woman na napili sa Konseho ng Lungsod ng Brampton, ipinagmamalaki ko na ang Lungsod ng Brampton ay nagpapatuloy sa paggawa ng mga hakbang para lumikha ng isang ligtas, kontra sa rasismo at nagsasali sa lahat na kapaligiran para sa staff at mga residente sa buong komunidad natin. Ang third-party review na ito ay nagpapakita na kahit nag-umpisa na ang Lungsod sa pagtugon sa diversity, pagkakapantay-pantay at rasismo, marami pa tayong dapat gawin. Magpapatuloy ang Konseho at staff na magtutulungan habang umaabante tayo sa pagbuo ng action plan para tugunan ang systematic na diskriminasyon at magsisikap para lumikha ng kapaligiran ng trabaho na kontra sa rasismo.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8, Lungsod ng Brampton*

“Committed tayo sa pakikinig, pagkatuto at pamumuno kung ang mga karanasan sa mga empleyado na Black sa Lungsod ng Brampton ang pag-uusapan, at itong third-party review ay nagbibigay ng malinaw na daan tungo sa pagtugon sa kultura ng ating lugar ng trabaho. Bilang isang organisasyon, magpapatuloy tayo sa paggawa ng mga hakbang para palakihin ang magkaka-iba-ibang manggagawa na naglalarawan sa komunidad na pinaglilingkuran natin, at lumikha ng nagsasali sa lahat na kapaligiran kung saan ang lahat ng indibidwal ay sumasagana.”

- Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton

“Gusto kong pasalamatang ang staff na nag-ambag sa third-party review na ito para sa pagiging matapang at paggamit ng kanilang mga boses para sabihin ang kanilang pinagkaisahang katotohanan tungkol sa kanilang mga karanasan para makatulong sa pagtigil sa umiiral na sitwasyon para sa mas magandang kinabukasan. Sa pamamagitan ng ating Equity Office, magpapatuloy tayo sa pagpapasulong ng organisasyon na laban sa rasismo at patuloy na makikipagtulungan sa mga empleyado ng Lungsod at susing mga stakeholder para matukoy ang mga bahagi ng pag-improve at trabaho tungo sa pagpapasulong ng isang ligtas, na-access at nagsasali sa lahat na kapaligiran.”

- Michele Byrne, Manager, Equity Office, Lungsod ng Brampton

“Ipinagmamalaki naming magkaroon ng pagkakataon na ito para suportahan ang We were Workplace Diversity and Inclusion Strategy and Work Plan ng Lungsod ng Brampton sa pamamagitan ng pagsasagawa ng EDI Review na may partikular na pagtuon sa mga karanasan ng mga empleyado na Black mula sa mga lente ng rasismo kontra Black. Mula sa pagsisimula ng ating pakikilahok, ang Lungsod ay nagkamit ng mahalagang panghila sa pagpapasulong sa mga commitment nito para tugunan ang rasismo kontra sa Black at ibang uro ng diskriminasyon ng sistema at mga hindi pagkakapantay-pantay sa loob ng lugar ng trabaho, pinaka-malinaw sa establisyemento, at mga staff ng kanilang at staffing ng Equity nito. Ang paraan kung saan ang liderato at staff ay nakikisali sa ating proseso ay nagpapa-optimistic sa atin na ang Lungsod kasama ang ibang mga inisyatiba na nakatakdang gawing mas pantay-pintay equitable, diverse at nagsasali sa lahat ang lugar ng trabaho para sa benepisyo ng lahat ng empleyado. Salamat sa pagtitiwaga sa aming firm sa mahalagang trabaho na ito, at inaasam natin ang kabutihan ng Lungsod habang patuloy itong sumusulong sa EDI journey nito.”

- Laura Williams, Williams HR Law

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca